**Haring David**
(2 Samuel 7-8)



Si David ay tatlumpung taong gulang nang siya ay maging hari. Naghari siya sa Juda, isang bahagi ng Israel, sa loob ng pito at kalahating taon. Pagkatapos, ginawa siyang hari ng buong bayan ng Israel, at naghari siya sa buong Israel sa loob ng apatnapung taon. Ipinatupad niya ang batas at pinairal ang katarungan. Itinatag ni David ang kanyang trono sa isang lungsod na tinatawag na Jerusalem, na naging kabisera ng lungsod.

Mabuting hari si David at mahal na mahal niya ang Diyos. Minsan nanalangin siya sa Diyos. Sa kanyang panalangin, nagpakumbaba, nagpuri at napasalamat siya sa lahat ng kabutihan at pagpapalang natanggap niya at ng kanyang pamilya. Kinilala niya ang kadakilaan ng Diyos sa kanyang buhay. Nagtiwala si David sa mga pangako ng Diyos at humiling ng patuloy na pagpapala at paggabay para sa kanyang sambahayan.

Nagpatuloy si David na maging matapang at matalinong hari. Pinalawak ng Diyos ang kaharian ni David. Natalo at napasuko ni David ang mga Filisteo kaya natapos ang paghahari ng mga Filisteo sa kanilang mga lupain. Pinangunahan niya ang kanyang hukbo sa maraming tagumpay, at ginawang ligtas at malakas ang Israel. Natalo rin niya ang maraming kaaway na nagtangkang saktan ang mga Israelita. Sa tuwing nananalo si David sa isang labanan, kinokolekta niya ang mga kayamanan at iniaalay ang mga ito sa Diyos, na nagpapakita ng kanyang pagmamahal at pasasalamat. Pinagtagumpay ng Diyos si David saan man sya magpunta.

Dahil sa mga tagumpay ni David, ang Israel ay naging isang makapangyarihan at iginagalang na bansa. Ang mga tao ay masaya at nakadama ng kaligtasan sa ilalim ng pamamahala ni David. Alam nila na ang Diyos ay kasama ni David at ang mga pangako ng Diyos ay laging matutupad.

Ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga pangako. Tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako kay David at sa kanyang sambahayan. Tinupad din ng Diyos ang kanyang pangako na pagtatagumpayin si David sa lahat ng kanyang labanan. Ang Diyos ang tumulong sa kanya upang patuloy na lumawak ang kanyang kaharian.

